



Domestic and Family Violence Visa Support

Ang iyong visa checklist

Alam mo ba ang katayuan ng iyong visa?

Maaari mong malaman ang katayuan ng iyong visa sa online sa pamamagitan ng Visa Entitlement Verification Online (VEVO). Ang VEVO ay magsasabi sa iyo kung anong visa ang hawak mo, kailan ito magpapaso at ano ang mga kondisyon sa iyong visa.

Kung kailangan mo ng tulong sa paggamit ng VEVO, maaari mong tawagan ang Department of Home Affairs sa 131 881.

Website: immi.homeaffairs.gov.au/visas/already-have-a-visa/check-visa-details-and-conditions/overview

Makukuha mo ba ang mga dokumento ng iyong personal na pagkakilanlan?

Makukuha mo ba ang iyong pasaporte? Maaari mong makontak ang iyong lokal na konsulado o embahada kung kailangan mo ng tulong. Maaari naming hilingin ang iba pang mga personal na dokumento mo bilang pangsuporta sa aplikasyon ng visa.

Website: protocol.dfat.gov.au/Public/MissionsInAustralia

Mayroon ka bang sariling ImmiAccount?

Mahalagang i-set up mo ang iyong [ImmiAccount](#) upang makipag-usap sa Kagawaran tungkol sa iyong aplikasyon ng visa. Kung ikaw ay nag-aaplay o may hawak na partner visa, maaari mong alisin ang nakabinbin na aplikasyon mo ng visa mula sa ibang ImmiAccounts. Para gawin ito, kumpletuhin ang dalawang ito:

- Gumawa ng iyong sariling ImmiAccount
- Makiusap na alisin ang iyong aplikasyon mula sa ImmiAccount ng iyong ahente o isponsor, at ilipat ito sa iyong bagong account sa pamamagitan ng pagkumpleto ng online ImmiAccount Technical Support Form.

Dapat mo ring baguhin ang iyong password.

Website: online.immi.gov.au

Binago mo na ba ang iyong mga personal na detalye sa amin?

Mahalaga na mayroon kaming mga kasalukuyang kontak sa iyo, katulad ang iyong numero ng telepono at address ng bahay o PO box.

Maaari mong i-update ang iyong mga detalye sa iyong ImmiAccount o ipagbigay-alam sa amin sa pamamagitan ng pagsusumite ng pormang 'change of contact/passport details'. Ito ang makatitikyag na matatanggap mo ang mga sulat galing sa amin.

Website: immi.homeaffairs.gov.au/form-listing/forms/929.pdf

Ang Australia Post ay nagbibigay sa mga biktima ng karahasan sa tahanan ng libreng paggamit ng PO Box hanggang 22 na buwan upang makatulong na mananatiling konektado at makakatitikyag na matatanggap mo pa rin ang iyong mga sulat.

Website: auspost.com.au/receiving/manage-your-mail/redirect-hold-mail/redirect-mail/free-mail-redirect-and-po-boxes

Mayroon bang tumutulong sa iyo tungkol sa mga bagay na pang-imigrasyon?

Maaari kang makakuha ng tulong sa pagkuha ng payo tungkol sa imigrasyon at sa pag-aplay ng visa kung kailangan. Mahalaga na kung ang taong ito ay isang ahente ng migrasyon o abugado na sila ay nakarehistro. May listahan ng mga rehistradong ahente sa Department of Home Affairs website.

Website: immi.homeaffairs.gov.au/help-support/who-can-help-with-your-application/overview

Mayroon ding mga libreng tulong na makukuha mula sa mga espesyalista sa ligal kung kailangan mo ang payo sa migrasyon.

Website: familyviolencelaw.gov.au/

Tandaan, tumawag sa 000 kung may taong nasaktan ng malubha o nangangailangan ng kagyat na paggamot, kung may nagbabanta o ikaw ay nakasaksi ng isang masamang pangyayari. Ang pulisya sa Australya ay mapagkakatiwalaan. Libre ang mga pagtawag.

Kailangan mo ba ng tulong upang maintindihan ang aming impormasyon?

Ang Translating and Interpreting Service (TIS National) ay nagbibigay ng mga serbisyo ng pag-iinterpretar sa mga taong nahihirapang magsasalita ng Ingles. Maaari mo silang makontak sa 131 450.

Website: tisonline.gov.au/

Ikaw ba ay nananatiling ligtas sa online?

Maaari mong gamitin ang online security checklist ng eSafety Commissioner upang makatulong sa pagkaalam ng mga nararapat mong hakbang upang madagdagan ang iyong personal na kaligtasan at makatiyak na maaari kang gumamit ng teknolohiya at manatiling konektado.

Website: esafety.gov.au/key-issues/domestic-family-violence/online-safety-planning/online-safety-checklist

Ikaw ba ay nagtatago ng mga ulat?

Magandang isulat ang mga bagay na nangyari sa pagitan ninyo sa taong mapang-abuso o nagbabanta sa iyo. Ito ay maaaring gamiting ebidensya kung kailangan mong mag-ulat sa pulisya, kumuha ng 'protection order', o pangangalaga sa mga bata.

Ang paggamit ng email o text messaging sa mga mahahalagang pag-uusap ay nakakatulong sa pagkakaroon ng katibayan sa anumang napag-usapan.

Tiyaking nakatago itong ulat sa isang ligtas na lugar kung saan hindi madaling matatagpuan o masisira ng taong mapang-abuso.

Ikaw ba ay naapektuhan ng COVID-19?

Mahalagang malaman mo na maaari kang umalis sa bahay o tirahan upang makalayo sa pananakit o sa panganib na masaktan dahil sa karahasan sa pamilya kahit may mga panggigipit ng COVID-19. Tingnan ang website ng Pamahalaan ng iyong estado /teritoryo para sa mga detalye.

Website: australia.gov.au/states

Kung ikaw ay nagtatrabaho, alam mo ba ang tungkol sa iyong mga karapatan sa trabaho?

Alam mo ba na ang Fair Work Act ay nag-uutos sa lahat ng mga taga-empleyo na makakapagliban ka sa trabaho dahil sa karahasan sa tahanan (unpaid domestic violence leave) at makahingi ng maaaring mabago-bagong kaayusan sa pagtatrabaho? Tingnan ang website ng Fair Work Ombudsman para sa mga karagdagang detalye.

Website: fairwork.gov.au/leave/family-and-domestic-violence-leave

Kung kailangan mo ng suporta sa pagbabayad o pagsusumite ng tax return, ang Australian Taxation Office ay may nakatalagang pansuporta sa pagbubuwis.

Website: ato.gov.au/General/Support-in-difficult-times/Personal-crisis-support/#Familyanddomesticviolence

Kailangan mo ba ang tulong sa iyong pagkakapera?

Ang mga tagapayo sa pinansyal ay nagbibigay ng mga libre, malaya at kompidensyal na serbisyo upang matulongan kang makabalik sa wastong daan at mapag-usapan ang iyong mga mapagpipilian sa pagrato ng utang.

Upang makipag-usap sa isang tagapayo sa pagkakapera, kontakin ang National Debt Helpline sa 1800 007 007. Itong libreng linya ng telepono (hotline) ay bukas mula ika-9:30 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon sa Lunes hanggang Biyernes. Marami ring mga kagamitan at mapagkukunan na makukuha sa online ng National Debt Helpline website.

Website: ndh.org.au/

Kung ikaw ay isang estudyante, alam mo ba tungkol sa mga magagamit na serbisyon pangsuporta?

Ipinapahayag ng mga nagbibigay ng edukasyon sa Australya ang kanilang pagbubuo ng karanasan sa pag-aaral na mapagkandili, mapagkaibigan at nagsusuporta sa mga estudyanteng internasyonal.

May mga hanay ng mga natatanging serbisyo na maaaring makakatulong sa iyo.

Website: studyaustralia.gov.au/english/live/support-services

Alam mo ba kung saan makakahanap ng impormasyon tungkol sa mga pansuportang serbisyo?

Maraming magagamit na mga pansuportang serbisyo sa mga estado at teritoryo tungkol sa karahasan sa tahanan at pamilya.

May magagamit na libreng telepono at pagpapayo sa online sa pamamagitan ng National Sexual Assault, Domestic and Family Violence Counselling Service. Tumawag sa 1800 737 732.

Ang Australian Red Cross ay maaaring magbigay ng suporta sa pinansyal sa mga taong nararapat na may hawak ng pansamantalang visa na nakakaranas ng kahirapan sa pera. Bisitahin ang Family and Domestic Violence Financial Assistance Program para sa impormasyon. Maaari rin silang magrekumenda sa iyo sa mga pansuportang serbisyo sa ligal at migrasyon, kung kailangan.

Website: redcross.org.au/get-help/help-for-migrants-in-transition/family-and-domestic-violence-financial-assistance

Kung nakita mo ang marka ng interpreter, maaari kang humingi ng tulong sa pakikipag-usap gamit ng iyong ginugustong wika.

